REBOLUSYONARYONG PAHAYAGAN NG MINDORO

TOMO XII - ISYU 4 OKTUBRE-DISYEMBRE 2025

## EDITORYAL

# Mapangahas na abutin ang mas malawak na hanay ng masang Mindoreño para pamunuan ang kanilang pakikibaka at puspusang palakasin ang rebolusyon sa isla!



**Sa harap ng walang habas na terorismo ng rehimeng US-Marcos II** sa isla ng Mindoro, matatag na sumusulong ang pambansa demokratiko at rebolusyonaryong pakikibaka ng mga Mindoreño.

Matapang na lumalaban ang mamamayang Mindoreño para sa kanilang mga karapatan at karaingan. Tampok sa mga pakikibakang masang patuloy na isinusulong ang pagtatanggol sa karapatan ng mga magsasaka at mga katutubo sa lupang sakahan at lupang ninuno. Sa kabila ng matindingharasment at panakot ng mga armadong pwersa ng estado na AFP-PNP, iginigiit ng mga katutubong Mangyan-Iraya sa Hacienda Almeda at mga magsasaka sa Brgy. Guinobatan sa Calapan ang karapatan sa lupang sila ang tunay na naglinang sa loob ng ilang henerasyon.

Naging maingay rin ang pagtatanggol ng mga Mindoreño sa likas-yaman ng isla laban sa pandarambong ng mga dambuhalang negosyo sa pakikipagsabwatan sa lokal na gubyerno. Dahil sa tuloy-tuloy na pagkilos laban sa *dredging*, matagumpay na nalantad at pansamantalang napatigil ng mamamayan ang *dredging operations* sa mga bayan ng Mamburao sa Occidental at Gloria at Calapan City sa Oriental. Inilunsad ang mga kilos protesta laban sa *dredging* matapos ang malawakang pagbaha noong Hulyo halos kasabay ng pagputok ng isyu ng korapsyon sa mga *flood control project*. Nang pumutok naman at dumaluyong sa buong bansa ang kilusang masa laban sa korapsyon, kasama ang mga Mindoreño—laluna ang mga kabataang Mindoreño—sa mga tumungo sa lansangan upang ilantad at singilin ang rehimen ni Ferdinand Marcos Jr. sa pagnanakaw at pagpapasasa sa yamang nililikha ng mamamayan. Malinaw na malinaw ngayon sa mamamayang Mindoreño kung paano ibayong pinabibigat ng kabulukan ng rehimeng US-Marcos II at buong burukrata kapitalistang gubyerno ang araw-araw na kahirapan na pasan-pasan na ng mamamayan.

Makatwiran at isang pangangailangan ang mga pakikibakang masang ito sa harap ng lumalalim na krisis sa Mindoro at sa buong bansa. Dahil sa lumalalang malakolonyal at malapyudal na pagsasamantala at pang-aapi, dumadausdos ang antas ng pamumuhay ng mamamayan sa isla: Ang mga magsasakang Mindoreño ay inaagawan ng lupa at kabuhayan na nagtutulak sa kanilang sukuan ang pagsasaka at maghanap ng ibang mapagkakakitaan. Ngunit dahil walang tunay na pambansang industriya sa bansa upang lumikha ng sapat na trabaho para sa lahat, bumabagsak lang din sa mga di regular, di istable, mapanganib at labis na mapagsamantalang trabaho ang mga manggagawa at mala-mangaggawa. Ang mga kabataang intelektwal, mga propesyunal at iba pang panggitnang uri ay hinahambalos din ng papataas na presyo ng mga bilihin at serbisyo habang nakapako naman at di makahabol ang kanilang kita. Sa Mindoro, ₱1, 243 ang dapat na minimum na arawang sahod ng isang tao upang mabuhay ang lima kataong pamilya. Malayo ito sa itinakda ng gubyerno na ₱430 na sahod sa prubinsya. Ang masama pa'y di naman ito nasusunod sa maraming mga trabahong pinapasukan ng mga Mindoreño—sa bukid man o sa kabayanan—karaniwang sumasahod ng ₱300-400 kada araw. Mataas na para sa mga "*skilled*" na trabaho ang ₱450-500.



Sa tulak din ng imperyalismong US, ang isla ng Mindoro ay buong-buong inilalako at binubuyangyang sa mga dayuhang kapitalista at kanilang mga lokal na ahente upang angkinin, pagkakitaan, dambungin at ubusin ang lahat ng yaman ng isla—bagay na lalong wawasak sa buhay at kabuhayan ng mga Mindoreño at maglulubog sa kanila sa kahirapan. Ligal na batayan nito ang pagwawalambisa sa *mining moratorium* ng Occidental noong Mayo at ang deklaradong plano ng rehimen na gawing isa sa nangungunang pagkukunan ng *output* ng mina at kwari ang Mindoro.

Sa harap ng lahat ng ito, dapat na dumami, kumalat at umigting ang paglaban ng lahat ng aping uri at sektor sa isla para sa lupa, kabuhayan, disenteng sahod at trabaho, mga batayang serbisyo, pangangalaga sa kapaligiran, karapatang linangin para sa sariling kapakinabangan ng mamamayan ang likas-yaman ng isla, karapatang pantao at iba pang batayan at demokratikong karapatan.

Dapat na matatag na sumulong ang mga Mindoreño sa kabila ng katiyakan ng malupit na ganting reaksyon ng mga kaaway sa uri at ng kanilang armadong galamay. Hindi papayagan ng mga naghaharing uri ang anumang paglaban sa kanilang pagsasamantala. Ito ang pangunahing dahilan ng pagpapailalim sa isla ng Mindoro sa di deklaradong batas militar na pinangungunahan ng sampu't kalahating batalyon ng AFP-PNP-CAFGU sa direksyon ng 203rd Infantry Brigade (IBde). Ang gerang panunupil ng rehimeng US-Marcos II sa isla ng Mindoro ay nag-resulta sa 16, 379 na biktima at 121 na kaso ng paglabag sa karapatang pantao mula Enero hanggang Disyembre 2025. Dapat matapang na ilantad ang terorismo ng rehimeng US-Marcos II sa Mindoro at panagutin ang 203rd IBde, PNP MIMAROPA, mga upisyal nito, si Marcos Jr. mismo at ang imperyalismong US sa lansakan at sistematikong paglabag sa lahat ng batas hinggil sa karapatang pantao at International Humanitarian Law (IHL) sa ngalan ng pagdurog sa pambansa demokratiko at rebolusyonaryong paglaban ng mga Mindoreño.

Sagka sa interes ng US at mga lokal na naghaharing uri ang anumang paglaban, laluna ang armadong rebolusyonaryong paglaban sa Mindoro. Kaya naman sa kabila ng mga deklarasyong malapit nang magapi ang rebolusyon sa Mindoro, nananatili ang isla sa prayoridad ng kontra-rebolusyonaryong digma ng reaksyunaryong gubyerno. Nitong Agosto nagpahayag si Major General Ramon Zabala ng 2nd Infantry Division (ID) na papaharapin ang mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Mindoro sa mapagpasyang labanan bago matapos ang 2025 bilang paghahanda sa ganap na pagdurog sa Pulang hukbo.

Para sa masang aping Mindoreño na ang tanging pag-asa upang lumaya sa kahirapan ay ang demokratikong rebolusyong bayan, ipinagbubunyi nila bilang tagumpay ang muling pagbigo ng Partido Komunista ng Pilipinas, BHB at buong rebolusyonaryong kilusan sa isla sa deklaradong layunin ng rehimen na durugin ang rebolusyon sa Mindoro. Sa taong 2025, naganap ang 16 na armadong sagupaan sa pagitan ng AFP-PNP at BHB sa isla. Sa kabila ng superyor na bilang at armas, nagtamo ang kaaway ng higit sa isang platung kaswalti sa mga labanang ito. Nagngingitgit sa galit ang rehimen sa paulit-ulit nitong pagkabigo. Iba't ibang hakbangin ng isinagawa ng AFP sa Mindoro buong taon. Noong Pebrero ay nagpalit ng kumander ang 203rd IBde at naibalita ang pagpakat ng 15th Scout Ranger Company sa isla. Nariyan din ang pansamantalang pagpakat sa 68th IB sa Tanay, Rizal upang muling magsanay. At bago matapos ang Disyembre, iniulat ang pagdagdag sa 74th IB sa mga panagupang batalyon sa Mindoro.

Nakakapagpunyagi ang rebolusyon sa isla sa kabila ng tumitinding atake ng reaksyunaryong gubyerno dahil sa pagsisikap ng Partido at lahat ng rebolusyonaryong pwersa na tumalima sa kilusang pagwawasto. Sa pangunguna ng Partido, kritikal-sa-sariling tinutuloy at iwinawasto ang mga kahinaan at kamalian na naging dahilan ng pag-atras ng rebolusyon sa nakaraang mga taon.

Upang muling palawakin ang rebolusyonaryong baseng masa, mapangahas na isinagawa ang gawaing pagpapalawak, konsolidasyon, reaktibasyon at rekoberi sa loob at labas ng mga larangang gerilya. Bigo ang kaaway sa layunin nitong ihiwalay ang masa sa rebolusyon. Patunay nito ang mainit na pagtanggap at pag-suporta ng masa sa mga rebolusyonaryong pwersa, laluna sa mga yunit ng BHB, sa mga eryang pinagpapalawakan man, nirereaktiba o nirerekober. Sa kabila ng militarisasyon sa Mindoro, nagawang makilusan ang 84% sa mga bayan nito.

Dapat hawakan nang mahigpit ang mga panimulang tagumpay na bunga ng dalawang taong kilusang pagwawasto. Tanging sa mahigpit na paghawak sa mga ito malulubos ang kilusang pagwawasto, makakabawi sa mga pinsala at pag-atras ng nakaraang panahon at makakapagpanibagong lakas ang rebolusyon sa isla. Ito rin ang tanging paraan upang mapamunuan ng rebolusyon ang masang Mindoreño sa pagsuong sa papaigting na mga krisis. Dapat maghanda sa higit pang pagputok ng pampulitikang krisis sa ilalim ng rehimeng US-Marcos II, mas mabangis na sitwasyong militar at mas pukpukang mga labanan sa susunod na taon at mga panahon.

## NILALAMAN


Editoryal 1

Labanan sa Bulalacao at ADI 3

Tumatalim na krisis ng burukrata kapitalismo 3

Walang pagbuti sa kalagayan... 5

Magiting na nilalabanan ang pangangamkam... 5

Sinusulong ng kabataan ang armadong pakikibaka 8

Pagsulong at pagwawasto sa gitna ng unos 9

Mga Kwento ni Ka Madaay: 11

Bantay Karapatan 13

Komiks 14

Ang lahat ng pagpupunyagi sa mga rebolusyonaryong gawain ay dapat maisalin sa lahatang-panig na pagpapalakas sa demokratikong rebolusyong bayan sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan. Dapat sabayang maisulong ang tatlong sangkap ng digmang bayan na rebolusyong agraryo, pagtatayo ng baseng masa at pagpapalakas sa armadong paki-kibaka at hukbong bayan. Ang karanasan sa pagpapalawak sa baseng masa ngayong taon ay ilang beses na nagpatunay na habang lalong lumulubog sa kahirapan at lalong dinadahas ng mga teroristang armadong pwersa ng naghaharing estado, lalo ring namumulat ang masang Mindoreño sa pangangailangan na sila mismo'y lumahok sa digmang bayan. Kung determinado at buong pusong ibibigay ng mga rebolusyonaryong pwersa ang ganang kaya, mapapamunuan ang masang Mindoreño sa kanilang paglaban at maisasalin ang kanilang di magagaping lakas sa pagsigla at pagsulong ng rebolusyon sa isla bilang ambag nito sa rebolusyonaryong pagpupunyagi sa buong bansa.

## BALITA

### Aktibong depensa ng NPA sa Bulalacao, nagpaatras sa kaaway; 76th IB, muling napinsalaan sa labanan sa Abra de Ilog

Binigo ng isang yunit ng NPA Mindoro ang tangkang pamiminsala ng 203rd Infantry Brigade at 1st Civil Military Operations (CMO) Company sa naganap na labanan noong Oktubre 1 sa So. Badyang, Brgy. San Roque, Bulalacao, Oriental Mindoro.

Pinaputukan ng mga sundalo ang pwesto ng isang yunit ng NPA bandang alas-10 ng umaga. Organisadong nakaganti ng putok ang mga Pulang mandirigma habang mabilis namang tumalilis ang mga sundalo matapos magpaputok ng tatlong beses. Sinubukan pang pagtakpan ito ng 1st CMO Company. Naglabas ito ng *post* sa Facebook na nagsasabing hindi raw "lehitimong engkwentro" ang nangyaring labanan. Pinabulaanan ito ng isang residente na nauna nang nag-post ng *video* kung saan maririnig ang putukan malapit sa baryo. Umani rin ng pagbatikos ng mga masa ang ginawang pagpapalusot ng militar. Ani ng isang masa sa *comment* sa *post* ng 1st CMO, kapag walang labanan, sinasabi ng AFP na meron habang kapag totoong may labanan, nagsisinungaling naman ang AFP at tinatanggi naman ito.

Dalawa naman ang kumpirmadong patay at may iba pa na sugatan mula sa isang kolum ng 76th Infantry Brigade (IB) na nakaengkwentro sa isang yunit ng NPA noong Nobyembre 26, alas-11 ng umaga sa So. Balite, Brgy. Lumangbayan, Abra de Ilog, Occidental Mindoro.

Tumagal ng sampung minuto ang labanan at organisadong nakakalas ang mga Pulang mandirigma. Matapos ng labanan, walang patumanggang nagpaputok naman ang mga naiwang sundalo ng 76th IB sa lugar ng labanan hanggang lampas ng alas -12 ng tanghali.

## LATHALAIN

### Tumatalim na krisis ng burukrata kapitalistang estado at ang hamon para sa mga Mindoreño




*Larawan mula sa Facebook page ng Mindoro Kontra Korapsyon*

Patuloy na rumaragasa ang katotohanan sa likod ng delubyong *flood control projects* sa bansa. Sa paglipas ng mga araw, nasisiwalat ang panibagong mga ebidensya ng korapsyon ni Ferdinand Marcos Jr. at mga kasabwat niyang burukrata. Harap-harapan nilang binabalasubas ang taumbayan sa pagtatanggi, paghuhugas-kamay at pagmamatigas upang makaiwas sa pananagutan at makakuha pa rin ng pinakamalaking ganansya mula sa mga pusisyon sa gubyerno. Habang nagbabangayan ang mga buwaya, nalulunod naman ang sambayanan sa krisis na dulot ng bulok na rehimeng lumalangoy sa katiwalian at kasakiman.

**Korapsyon ang sakunang sumasalanta sa mga Mindoreño**

Dikit sa sikmura ng mga Mindoreño ang isyu ng mga maanomalyang *flood control projects* dahil kabilang ang Oriental at Occidental Mindoro sa dalawampung prubinsyang may pinakamataas na alokasyon para sa mga proyektong ito. Ang dalawang prubinsyang ito ay nakatanggap ng ₱20 bilyong pondo na higit na malaki kaysa sa iba pang mga lugar sa bansa na mas bulnerable sa pagbaha. Mula 2022 hanggang 2025, nakatanggap ang Oriental Mindoro ng mga kontrata ng *flood control projects* na nagkakahalaga ng ₱30.29 bilyon na lagpas na sa itinakdang ₱12 bilyong pondo ng *flood mitigation masterplan* ng prubinsya. Kasama rito ang humigit kumulang ₱17.8 bilyon mula sa mga budget insertions sa nagdaang mga taon.

Sa katunayan, inihudyat ng imbestigasyon sa nawawalang ₱288.5 milyong pondo para sa konstruksyon ng dike sa ilog ng Mag-asawang Tubig ang pagsambulat ng kaliwa't kanang kaso ng anomalya at korapsyon sa mga proyektong *flood control* ng gubyerno. Sa kasagsagan ng mga imbestigasyon, sinuspinde ang




*Larawan mula sa Facebook page ng Mindoro Kontra Korapsyon*

ang lahat ng *flood control projects* sa Oriental Mindoro dahil sa mga anomalya sa ₱3 bilyong proyekto sa Brgy. Tagumpay, Naujan na pinalabas sa mga papeles na natapos kahit sa aktwal ay hindi pa. Nasiwalat din ang mga *"ghost" project* na nagkakahalagang ₱189 milyon sa Brgy. Apitong sa parehong bayan.

Binabarat din ang konstruksyon para makapagbulsa ang mga upisyal ng gubyerno at mga kasabwat na malalaking kontraktor ng limpak-limpak na kikbak. Dahilan ang anomalyang ito ng marurupok at mabilis na nasisirang mga imprastruktura. Halimbawa na lang nito ang pagguho ng siyam na bagong tayong dike sa kahabaan ng mga ilog ng Mag-Asawang Tubig, Bucayao at Bongabong sa kasagsagan ng mga pagbaha at hagupit ng hagabat. Ang mga gumuhong dike ay nagkakahalagang ₱1.9 bilyon pero umabot sa higit ₱2 bilyon ang gastos sa kontrata ng mga naturang proyekto. Anim sa mga proyektong ito ay hinawakan ng Sunwest, Inc. habang ang iba ay nakakontrata sa St. Timothy Construction Corporation, ADSL at MLR Construction. Bukod sa kanila, nag-oopereyt din sa isla ang mga kontraktor na nakinabang sa 20% ng ₱545 bilyong pondo para sa proyektong *flood control* sa buong bansa.

Manhid at pabaya ang rehimeng US-Marcos II sa mga hinaing ng mga Mindoreño at sambayanang Pilipinong taun-taong sinasalanta ng malalakas na bagyo. Rurok ng kanilang pagkagahaman ang pangungulimbat sa pondo na para sana sa mga proyektong pang-agap sa mga pagbaha at sakunang deka-dekada nang nagpapahirap sa mamamayan.

Sa Naujan, ang pagguho ng mga dike at pagkaantala ng paggawa ng mga ito dahil sa korapsyon ay nagdudulot ng pagkatabag ng lupa ng mga magsasaka at pagkasira ng kanilang mga taniman. Nang rumagasa ang pagbaha mula sa sunud-sunod na mga bagyo, daan-daang mga hayop ang naanod at lupang taniman ang natabag, katumbas ng daan libong lugi sa mga magsasaka at panganib sa buhay mismo ng mga residente. Sa taong 2025, nagkakailan ang insidente ng pagkalunod sa baha sa mga ilog sa Oriental Mindoro.

Manhid at pabaya ang rehimeng US-Marcos II sa mga hinaing ng mga Mindoreño at sambayanang Pilipinong taun-taong sinasalanta ng malalakas na bagyo. Rurok ng kanilang pagkagahaman ang pangungulimbat sa pondo na para sana sa mga proyektong pang-agap sa mga pagbaha at sakunang deka-dekada nang nagpapahirap sa mamamayan. Kung hindi sumambulat ang anomalya sa mga proyektong *flood control*, malamang ay sinamantala ng mga burukrata ang malalang pagbahang dala ng mga bagyo mula Hulyo para sa panibagong mga proyektong *flood control* na kanila muling gagatasan.

Dagdag na nagpapahirap sa mga Mindoreño ang mga tropa ng AFP na sinamantala ang isyu ng korapsyon at nagpahayag na mag-iimbestiga rin sila sa mga "*ghost*" *project* upang tabingan ang kanilang pag-militarisa sa mga pamayanan.

Ang sukdulang panggagantso at pagpapahirap ng korap, pabaya at bulok na rehimeng US-Marcos II sa mga Mindoreño at iba pang mamamayan ang mitsa sa kanilang galit at nagtutulak sa kanilang lumaban sa naghaharing sistema.

**Mindoreño, rebolusyon ang tanging solusyon!**

Nagkukumahog ngayon si Marcos Jr. na pagtakpan umaalingasaw na kabulukan ng sistemang pinaghaharian niya. Ngunit, anumang pag-iwas, hindi kayang pigilan ni Marcos Jr. ang pagbulwak ng galit ng mamamayan na matagal nang nagtitiis sa krisis at kahirapan. Kasabay ng dumadagundong na mga kilos protesta kontra korapsyon sa buong bansa, dapat ding bahain ang mga lansangan, komunidad, eskwelahan, pamilihan, terminal at bukirin ng isla ng mga panawagan ng mga Mindoreño. Dapat tipunin sa nagkakaisang lakas at pagkilos ang lahat ng magsasaka't katutubo, manggagawa, kabataan at estudyante, kababaihan, maralita, mga propesyunal, taong-simbahan at lahat ng makabayang Mindoreñong tutol sa katiwalian at nagnanais ng tunay na pagbabago. Dapat paigtingin ang sigaw ng mamamayan na panagutin at patalsikin ang hari't reyna ng korapsyon na sina Marcos Jr. at Sara Duterte.

Kasabay ng paglalantad sa sagad-sa-kaibuturang kabulukan ng reaksyunaryong estado, dapat na pukawin, organisahin at pakilusin ang mamamayan para sa demokratikong rebolusyong bayan, laluna sa pangunahing anyo nito na armadong pakikibaka. Kung wala ang armadong rebolusyong ito, kailanma'y di tuluyang maibabagsak ang bulok na estado at di maitatayo ang gubyerno ng mamamayan na tunay na maglilingkod sa interes nila.

BALITA

## Walang pagbuti sa kalagayan ng mga manggagawang bukid at magsasakang Mindoreño

90% ng populasyon sa buong Mindoro ay magsasaka kung saan mayorya ay magsasaka sa palayan. Lahat ng bayan sa Mindoro ay nagtatanim ng palay; pinakamalaki ang produksyon sa mga bayan ng Naujan sa Oriental Mindoro at San Jose sa Occidental. Ayon sa Department of Agriculture (DA), may kabuuang 245, 220 ektaryang palayan sa buong isla. Noong 2024, nakapag-prodyus ng 313, 670 metriko toneladang palay ang buong Mindoro, 60% ito ng kabuuang ani sa rehiyon. Labis-labis para sa sariling konsumo ang nalilikhang palay at bigas sa isla kaya kinakaya pa nitong mag-suplay sa mga karatig prubinsya kagaya ng Romblon, Marinduque, ilang mga prubinsya sa Kabisayaan at sa buong bansa.

Ngunit sa labis na laki ng gastos sa produksyon, kumokonti na ang magsasakang nagtatanim ng palay. Marami ang nalulugi at nababaon sa utang kaya naman sa dakong huli ay mapipilitang isangla ang lupa at kalauna'y ibenta ito sa panginoong maylupa. Sa isang kasong aralin sa Timog Mindoro, gumastos ang isang magsasaka sa kanyang dalawa at kalahating ektaryang sakahan ng P100, 290. Umani lamang siya ng 170 kaban (nag-aabereyds ng 65-70 kaban kada ektarya). 140 kaban na lamang ang matitira matapos na maibawas ang hunos sa *harvester* at makaraang mapatuyo ang palay na nagkakahalaga ng P100, 100. Pagkatapos na ibawas ang lahat ng gastos sa produksyon at interes sa utang, lalabas na luging lugi at walang kinita ang magsasaka dahil sa bagsak presyo ng palay na P14 kada kilo. Mas malala ang tindi ng pagkalugi ng mga magsasaka sa ibang bayan dahil sa barat na barat na P8 hanggang P12 na presyo ng palay. 30% ng gastos sa produksyon ang nalalaan sa *farm inputs* (abono, pestisidyo, herbisidyo) habang 27% ang upa sa mga makinarya (*rotor, harvester*).

Mas malala ang kalagayan ng mga katulong sa bukid sa hatiang 90-10 pabor sa may-ari ng lupa. Bagaman sagot ng may-ari ng lupa ang kabuuang gastos mula sa paghahanda ng lupa hanggang sa pag-aani, solong binabalikat ng katulong sa bukid ang lahat ng trabaho. 10-17% ng ani (labas *tresher*) ang kaparte ng katulong. Sa isang kasong aralin, pumarte lamang ang katulong ng 17 kaban sa apat na buwang pagtat-rabaho sa mahigit dalawang ektaryang sakahan. Papatak ng P99.25 ang arawang kita ng katulong sa bukid. Samantala, nananatili pa rin ang mataas na upa sa lupa na umaabot ng 10-15 kaban kada ektarya, may inani man o nalugi ang magsasaka.

Hindi nalalayo ang kalagayan ng manggagawang bukid na tumatanggap lamang ng P300 sa pito hanggang walong oras na pagtatrabaho sa bukid. Mayroon pang ilang baryo na P250 lamang ang arawang sahod. Lubhang malayo sa itinakdang *family living wage* sa MIMAROPA na P1,243 na kinakailangan ng lima kataong pamilya para mabuhay nang marangal.

*Ipinagpatuloy sa susunod na pahina...*

LATHALAIN

## Magiting na nilalabanan ng mga magsasaka at Mangyan ang umiigting na pangangamkam ng lupa sa Mindoro

Ang bawat parselang lupang sakahan at komunidad sa isla ng Mindoro ay ipinundar at naipagtagumpay ng deka-dekada nang pakikibaka ng mga magsasaka at katutubong Mangyan para sa lupa at hustisyang panlipunan. Ang mga lupang ito at maging ang buong isla ng Mindoro ay lalong binubuyangyang ngayon ng mga patakaran ni Ferdinand Marcos Jr. sa pandarambong ng mga naghaharing uri, laluna ng mga malaking burgesyang kumprador (MBK) at mga imperyalista. Katulong nila rito ang mga malalaking panginoong maylupa na mukha ng luma at pyudal na monopolyo sa lupa. Tulak ng neoliberalismo, kinakamkam ang malawak at mayamang lupain ng Mindoro para sa ekoturismo, *renewable energy projects* (REPs), mga imprastrakturang "pangkaunlaran" at mina.

**Pangangamkam at pagpapalit-gamit para sa "kaunlaran"**

Sa Oriental Mindoro, libo-libong magsasaka at katutubong Mangyan ang inaagawan ng lupa para sa ekoturismo at mga imprastrakturang pangkaunlaran. Sa mga bayan ng Bulalacao, Mansalay, Bongabong, Pinamalayan, Victoria, Puerto Galera at syudad ng Calapan nagaganap ang pangangamkam ng lupa pati pag-demolis sa mga komunidad ng mga magsasaka at mangingisda upang makapasok ang mga negosyong resort at iba pang proyektong ekoturismo, laluna sa mga baybay-dagat.

Dislokasyon at pagkawala ng kabuhayan din ang nagbabadya sa daan-daang pamilya ng mga magsasaka at Mangyan-Iraya sa So. Hondura, Brgy. Poblacion, Puerto Galera dahil sa pagtatayo ng P704 milyong Puerto Galera Cruise Ship na proyekto ng Phil. Ports Authority (PPA). Noong Pebrero 10, binigay ang proyekto sa Premium Megastructures Inc. (PMI), isang kumpanya ng mina ng aggregates na may planta sa bayan ng Gloria. Ipinag-utos ng lokal na gubyerno ng Puerto Galera ang pagpapatigil sa konstruksyon ng nasabing proyekto noong Agosto matapos matuklasang hindi ito dumaan sa pampublikong konsultasyon para hingin ang panig ng mga apektadong mangingisda at residente. Nalantad din ang mga paglabag nito sa mga patakaran kaugnay ng pangangalaga sa kalikasan.

Mula taong 2020 naman, pinalalayas na ang humigit-kumulang 50 pamilya sa Victoria para sa Naujan Lake Development Project ng gubyerno.

Pumutok naman noong 2024 ang laban ng mga taga-Brgy. Guinobatan, Calapan City sa pangangamkam ng Menakor Corp sa 152 ektaryang lupaing naipamahagi na ng Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP). Taong 2018 nang simulang angkinin ng Menakor, pag-aari ng MBK na si Jolly Ting, ang lupa matapos umanong mabili ito sa dating may-ari na mga Luna. Si Ting ang promotor ng malawakang

*Ipinagpatuloy sa susunod na pahina...*

*Mula pahina 5 (Balita)...*

Sa isang banda, lubhang malayo naman ang laki ng kinikita ng mga panginoong maylupa na nagmamay-ari ng mga makinarya katulad ng *harvester* at traktora. Sa kada ektaryang natatrabaho ng traktora, mayroong P2,300 netong kita. Sa isang araw, kayang mag-traktora ng apat na ektarya. Sa ganito, may netong kita ang may-ari ng traktora na P9, 200 kada araw. Katumbas na ito ng apat na buwang pagtatrabaho ng katulong sa bukid. Samantalang ang may-ari ng *harvester* ay kumikita ng netong P16, 920 sa isang araw sa apat na ektaryang maaani nito.

Pangunahing nakaapekto sa pagliit ng ani ang sunod-sunod na bagyo at hanging Habagat na tumama sa Mindoro. Gayunman, walang makabuluhang tulong o ayudang ibinigay ang mga *local government unit* (LGU) sa mga magsasakang sinalanta kahit pa nag-deklara si Ferdinand Marcos Jr. ng *national state of calamity*. Layon diumano ng deklarasyon ang mabilis na paglalabas ng *quick response fund* (QRF) at *calamity fund* bilang agarang tulong sa mga nasalanta, subalit liban sa higit 15 kilong binhi na ipinamahagi ng DA, walang makabuluhang tulong na natanggap ang mga magsasaka para makabawi sa laki ng pinsalang iniwan ng mga kalamidad. Ang programang *crop insurance* ng DA ay aksesible lamang sa mga magsasakang may tituladong lupa.

Samantala ang dapat sana'y pantulong na pamimili ng palay ng National Food Authority (NFA) sa mas mataas na presyo kumpara sa mga *traders* ay hindi maaasahan dahil sa selektibo at limitadong pamimili nito. Limitado dahil hanggang 100 kaban lamang ang maaring bilhin sa bawat magsasaka at selektibo dahil para lang din sa mga magsasakang may tituladong lupa.

*Mula pahina 5 (Lathalain)...*

pangangamkam ng lupa sa Calapan at bayan ng San Teodoro sa Oriental Mindoro. Si Ting din ang may-ari ng Calapan Water na puminsala sa mga mapagkukunan ng tubig ng mga magsasaka sa syudad. May naiulat ding mga kaso ng pangangamkam ni Ting sa lupa ng mga magsasaka sa Brgy. Biga at iba pang baryo sa Calapan at ilang bahagi ng Puerto Galera. Biktima rin niya ang mga katutubong Iraya na nawalan ng lupang ninuno sa libong ektaryang kabundukan ng Baco-San Teodoro matapos itayo ang Inabasan River Hydropowerplant.

Pilit ding ipinapasok ng mga dayuhan at kasabwat na lokal na naghaharing pangangamkam ng uri ang mga proyektong *renewable energy*. Sa mga bayan ng San Teodoro at Baco, Oriental Mindoro pa lamang ay aabot na sa 200 pamilyang Mangyan-Iraya ang mawawalan ng lupang ninuno dahil sa planong pagtatayo ng mga *windpower project*. Nagbabanta rin konstruksyon ng mga *hydropower plant* sa mga mayor na ilog sa buong Central Oriental. Simula 2023, nililigalig na ng mga di-nagpapakilalang kumpanya ang mga Mangyan-Tadyawan at Alangan sa Brgy. Villa Cerveza, Victoria. Bukod sa mina, pinipilit ang mga katutubo na payagan ang konstruksyon ng mga *mini hydropowerplant* sa mga ilog ng Buraboy, Aglubang, Bongabong.

Sa Occidental Mindoro naman, planong itayo ang Mindoro Wind Project sa baybay-dagat at matataas na kabundukan ng Abra de Ilog, Paluan, Mamburao at Santa Cruz na magpapalayas sa humigit-kumulang sanlibong katutubong Iraya na naninirahan dito. Nariyan din ang itinatayong *hydropower plant* sa mga ilog ng Kayakyan at Busuanga sa mga bayan ng Rizal at San Jose na magpapalubog sa ilang komunidad at magpapalayas sa mga Mangyan-Buhid sa erya.

Bunsod naman ng mas mahabang tag-araw sa Occidental, ekta-ektaryang lupang sakahan na ang sapilitang binili at inagaw para sa mga *solar farms*. Tampok dito ang 200 MW Agri-Solar Farm ng JV Lopez Construction Supplies Trading, JML Agri Solar Dev't. Corp. at MCL Energy na itatayo sa Brgy. Tanyag, Calintaan. Ito ang pinakamalaking solar farm na planong itayo sa isla ng Mindoro. Bukod dito, plano ring itayo sa pitong ektaryang dating lupang sakahan sa Brgy. San Isidro, San Jose ang 7.4MW SAMARICA Solar Farm na proyekto ng Occidental Mindoro Consolidated Power Corp. (OMCPC). Nakatakda ring itayo ang 52 MW Hybrid Solar Power Project ng One Renewable Energy Enterprise sa Rizal.

**Bilang bahagi ng kabuuang programang "pangkaunlaran" sa isla ng Mindoro, target gawing ikalawang Puerto Galera ang bayan ng Abra de Ilog. Dahil dito, kasalukuyang lumalaganap ang pangangamkam ng lupa para ipagbili sa mga real estate developer.**

**Abra de Ilog, ang kasunod na Puerto Galera**

Bilang bahagi ng kabuuang programang "pangkaunlaran" sa isla ng Mindoro, target gawing ikalawang Puerto Galera ang bayan ng Abra de Ilog. Dahil dito, kasalukuyang lumalaganap ang pangangamkam ng lupa para ipagbili sa mga *real estate developer*. Itinatayo rin ang iba't ibang istrukturang pang-ekoturismo. Kabilang sa mga tampok na kaso ang konstruksyon ng Puerto Galera-Abra de Ilog Mindoro Cross-Island Road (MCIR) na sinimulan noong pang 2014.

Nitong 2024, tumampok ang marahas na pagpapalayas sa higit 70 pamilyang Iraya na nakatira sa So. Malatabako, Brgy. Poblacion. Inaangkin ng Pieceland Corporation ang nasabing lugar para pagtayuan ng mga pabahay at iba pang establisyimento. Sa baybayin din ng mga barangay ng Wawa at Santa Maria, pinalalayas ang mga Iraya at mga magsasaka para sa mga resort at proyektong ekoturismo.

Taong 2023 naman nang mapalayas ang ilampung pamilya ng magsasaka sa kanilang lupang sinasaka na saklaw ng So. Matabang, Brgy. Lumangbayan. Ang nasabing lupa ay saklaw na ng CARP nang angkinin ito ng ilang priba-

*Ipinagpatuloy sa susunod na pahina...*

dong indibidwal para ibenta diumano sa isang kumpanyang Tsino na planong magtayo ng planta ng sardinas. Kalauna'y pinagbawalan ng burukrata kapitalistang si Meg Constantino ang konstruksyon ng planta bago ipatayo naman ang sabungan para sa kanyang negosyo.

Sa Abra de Ilog, isa sa mga nangungunang mangangamkam ng lupa ay ang dinastiya ng mga Montenegro-Constantino. Nagpapakasasa at higit pang nagpayaman ang mag-asawang Meg Montenegro at Eric Constantino sa pamamagitan ng mahigit dalawang dekadang kontrol nila sa lokal na gubyerno. Sa tabing ng mga programang ekoturismo, kinamkam ng mag-asawang ito ang libu-libong ektaryang saklaw ng lupaing ninuno ng mga Iraya at mga magsasakang Abreño. Tampok dito ang kaso ng Luyang Baga Cave, Krus Parang at Agbalala Falls. Mapanlinlang na pinaniwala nila ang mga katutubong Iraya na pawang tagapamahala lamang ang mga Montenegro at pag-aari pa rin ng mga katutubo ang lupang saklaw ng mga lugar na ito. Sa aktwal, pinagbabawalan ni Montenegro ang mga katutubo na puntahan ang kanilang lupa nang walang pahintulot mula sa kanya at inilagay sa ilalim ng kanilang pangalan ang pagmamay-ari nito. Bukod dito, hindi rin nakikinabang ang mga katutubo sa milyun-milyong pisong kinikita mula sa turismo sa saklaw ng kanilang lupa. Hindi na nga nakikinabang ang mga katutubo, nanganganib pa silang mapalayas upang bigyang-daan ang konstruksyon ng malalaking kalsada papunta sa mga naturang *tourist spots*. Bukod dito, kinamkam na rin ng Montenegro-Constantino ang ekta-ektaryang bulubunduking kalupaan sa hulo ng So. Atipan, Brgy. Poblacion at So. Alatin at Duhatan, Brgy. Lumangbayan.

Ang Montenegro-Constantino rin ang nasa likod ng pangangamkam sa mga lupa ng di katutubong magsasaka. Modus nila ang pagkukunwaring may mga pribadong entidad na kumakamkam sa lupa at humaharap sa korte. Ngunit sa huli, matapos matalo ang mga magsasaka sa kaso, pupwesto ang mga Montenegro bilang mga "nakabili" at bagong may-ari ng lupa. At para maitulak ang mga magsasaka na itigil na ang laban, pinangungunahan mismo ni Montenegro gamit ang lokal na gubyerno ang pagsasampa ng gawa-gawang kaso laban sa mga nakikibakang magsasaka. Ganito ang nangyari sa mga magsasakang benepisyaryo ng CARP sa So. Matabang. Matapos maagaw ang lupa sa mga magsasaka para magtayo ng planta ng sardinas, kalaunan ay pinatayuan ito ng kanyang negosyong sabungan.

**Balik-pastuhan sa Occidental**

Tumampok ang muling pangangamkam ng lupa mula sa mga magsasaka simula 2022 para muling pagsilbihin bilang mga pastuhan ng baka, kambing at kalabaw. Partikular sa bayan ng Abra de Ilog, naiulat ang pagpapalayas sa isang komunidad ng Mangyan-Iraya sa Brgy. Lumangbayan dahil sa planong ekspansyon ng isang pastuhan sa lugar. Sa Brgy. Poblacion, humigit-kumulang 100 pamilya ang niligalig ng pang-aangkin ng mga nagpapakilalang tagapagmana ng mga dating may-ari ng isang pastuhan.

**Banta ng malawakang pagmimina**

Nitong Mayo, binasura ng Korte Suprema ang mining moratorium ng Occidental Mindoro. Pinanigan nito ang Agusan Petroleum na ngayo'y malaya nang magsagawa ng *exploration* sa mahigit 40, 000 ektaryang kabundukan sa hangganan ng mga bayan ng San Teodoro, Puerto Galera at Abra de Ilog. Dagdag pa rito, inaprubahan na rin ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) ang *mining exploration* permit ng Dayap Mines sa hulo ng Mamburao, Occidental Mindoro na sasaklaw ng mahigit 5,000 ektarya. Matagal na ring naiulat ang bantang pagbalik ng Mindoro Nickel Project ng Intex Resources ASA na mag-oopereyt sa hangganan ng mga bayan ng Sablayan, Naujan at Victoria.

**Lupa para sa magbubungkal, di para sa iilang mayaman at dayuhan**

Sa kabila ng marahas na panunupil ng reaksyunaryong gubyerno sa nakikibakang masang api, magiting at buong tatag na lumalaban ang magsasakang Mindoreño at katutubong Mangyan para sa kanilang lupang kinatitirikan at sinasaka. Dinala nila ang kanilang laban hanggang sa labas ng isla. Patuloy na umaani ng suporta ang mga pakikibaka para sa lupa hanggang sa internasyunal. Kasabay ng pagtatanggol sa lupa at kabuhayan, ipinapanawagan din ng mga magsasaka at katutubo ang tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon na magwawakas sa daantaong pagkabansot at pagkaatrasado ng pagsasaka at ekonomya ng bansa.

Sa harap ng ibayong pangangamkam at pagsaid sa lupain ng Mindoro, dapat ding ibayong magkaisa upang lumaban ang masang anakpawis sa isla. Dapat ding ibayo pang pasiglahin ang anti-pasistang pakikibaka upang ilantad at panagutin ang AFP-PNP sa walang habas na paglabag sa karapatang pantao ng mga magsasaka at katutubo at pag-kriminalisa sa kanilang makatwirang paglaban.

Ipinakikita rin ng paggamit ng mga dayuhan, MBK at PML sa lokal na gubyerno at sa AFP-PNP na walang ibang masasaligan ang mamamayang Mindoreño kundi ang rebolusyonaryong kilusan na pinamumunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas. Patuloy na mabibigo ang rehimeng US-Marcos II sa pangarap nitong durugin ang rebolusyon sapagkat ito mismo ang nagtuturo sa masa na mag-rebolusyon. Hanggat pinagsasamantalahan at inaapi ang magsasakang Mindoreño at katutubong Mangyan, mananatiling matabang lupa para sa rebolusyon ang malawak na kanayunan ng Mindoro.

**Ipinapanawagan din ang tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon na magwawakas sa daantaong pagkabansot at pagkaatrasado ng pagsasaka at ekonomya .**

LATHALAIN

## Sinusulong ng kabataan ang armadong pakikibaka sa Mindoro

*(Mula sa panayam sa mga bagong pultaym ng NPA Mindoro)*



Malapit nang magapi ang armadong rebolusyon ng mamamayan—ito ang gasgas na linyang pinauulit-ulit ng reaksyunaryong gubyerno. Ngunit hindi kayang pasubalian ng anumang itim na propaganda ang katotohanang nagpapatuloy ang armadong pakikibaka at ang Bagong Hukbong Bayan sa malawak na kanayunan. Patunay sa pananatili at pagpapanibagong lakas nito ang mga kabataang nagpasyang mag-pultaym at maging mandirigma ng Lucio De Guzman Command ngayong taon.

**Hinahanap ng kabataan ang rebolusyon**

Parehas na galing sa rebolusyonaryong kilusang kabataang estudyante sina Ka Laya, 23 taong gulang, at Ka Rina, 27 taong gulang. Namulat at naorganisa sila noong pandemya. Parehas silang kusang lumapit at sumali sa mga pangmasang organisasyon ng mga kabataan tulak ng matinding ligalig ng panahong iyon at kumilos bilang mga pultaym na organisador sa lunsod sa ilang panahon.

Mga kasapi ng Kabataang Makabayan (KM) sina Ka Laya at Ka Rina. Kwento ni Ka Rina, "Nakatulong ito sa pagbubuo ng kapasyahan na sumampa sa pamamagitan ng mga pag-aaral, pag-oorganisa at mga paglahok sa mga integrasyon sa mga batayang masa." Pinapalaganap ng KM, bilang rebolusyonaryong organisasyon ng kabataan, ang programa ng demokratikong rebolusyong bayan (DRB) sa mga kabataan at pinapakilos sila para rito. "Nakita ko bilang kasapi ng KM ang limitasyon ng ligal na paglaban bagamat mahalaga ito at na pangunahin pa rin ang armadong paglaban," dagdag pa ni Ka Rina. Isang salik din para kay Ka Laya ang karanasan sa lunsod na laging nasa depensibang pusisyon laban sa mga pasistang AFP-PNP upang hanapin ang daan tungo sa mga sonang gerilya.

Kaya naman nang nanawagan ang Partido sa mga kabataan na sumampa noong Disyembre 2024 sa okasyon ng ika-56 na anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas, kabilang sina Ka Laya at Ka Rina sa mga pumasok sa mga sonang gerilya ng Mindoro.

Matagal nang gustong pumasok ni Ka Laya sa sona at makilala ang Pulang hukbo. "Matagal ko nang gustong sumapi sa Hukbo, kahit noong masa pa lang ako. Mula noong mamulat sa sosyalismo at pangangailangan ng armadong pakikibaka sa sariling mga pag-aaral," ayon kay Ka Laya. "Lalong naging kongkreto ito sa mga naririnig na kwento at nababasa noong (naorganisa) pero nasa lungsod pa rin. Kaya masigla kong sinagpangan ang oportunidad na maki-anib."

Mas malalim na pag-aaral sa digmang bayan din ang nagtulak kay Ka Rina na sumampa. "Nagpasya akong makipag-integra upang higit na magagap sa kongkreto ang demokratikong rebolusyong bayan."

Pumasok sila sa mga larangan ng Mindoro sa panahong nagsisikap ang rebolusyonaryong kilusan sa isla na magwasto at bumawi ng lakas habang seryoso, walang humpay at todo-todo namang umaatake ang reaksyunaryong gubyerno upang durugin ang paglaban ng mga Mindoreño. Sa ganitong pambihirang panahon, unang beses na lalapat ang mga paa nila Ka Laya at Ka Rina sa kanayunan ng Mindoro at una rin silang hahawak ng armas. Sa ganitong pambihirang panahon nila mapagpapasyahang pahabain ang pakikipamuhay sa Hukbo hanggang sa tuluyan silang mag-pultaym.

Nag-deklarang pultaym si Ka Rina matapos ang isang detats kung saan nagturo siya ng Maikling Kurso sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino (MKLRP) sa isang pamilya ng mga magsasaka. Ang pagbibigay ng mga pag-aaral sa mga magsasaka ang isa sa mga tampok na karanasan ni Ka Rina sa sona. Aniya, "Dahil sila'y sadlak sa matinding kahirapan dahil sa pyudalismo at pinagkaitan ng edukasyon at iba pang serbisyo ng gubyerno, mahalagang maibigay ang pinakaangkop na pag-aaral at maibigay ito nang pinakamahusay upang masapol ang kanilang interes at mapakilos sila para sa pagsusulong ng digmang bayan."

Dagdag na inspirasyon din ang kilusang pagwawastong isinusulong ng Partido. "Nabuo yung desisyong mag-pultaym nang makita gaano ka-pursigido ang mga kasama na isulong ang kilusang pagwawasto," pagbabahagi ni Ka Laya. "Hinihingi ng panahon ang dagdag tao sa mga gawain."

Bilang mga kabataan, malinaw kina Ka Laya at Ka Rina ang kahalagahan na mag-aral at matuto mula sa positibo at negatibong karanasan sa pagsusulong ng armadong rebolusyon, laluna bilang tagapagmana ng rebolusyon. Ani ni Ka Rina "Dapat aktibong lumahok upang pagyamanin at paunlarin ang mga taktika at mga estratehiya ng pagsulong ng digmang bayan."

Patuloy na pinapanday nila Ka Laya at Ka Rina ang kanilang mga sarili bilang mga Pulang mandirigma. Di maiiwasan sa prosesong ito ang pagharap sa mga kahirapan at sakripisyo.

Isang naging kahirapan ni Ka Rina ang kahinaan sa pisikal ngunit pursigido siyang pangibabawan ito sa

pagsasanay at paglahok sa arawang mga teknikal na gawain.

Si Ka Laya naman ay may panahon na tinamaan ng pesimismo. "Dumaan ako sa krisis kamakailan dahil nakukulangan sa inaabot namin sa pag-oorganisa." Inihapag at isinalang ito sa pagtatasa at punahan sa kolektib. Sa ganitong paraan napangibabawan ni Ka Laya ang kanyang krisis at nag-inisyatiba sa pagbubuo ng kampanyang masa sa kanilang erya. Kasabay nito, mulat na binabaka ni Ka Laya sa sarili ang nakasanayang makaisang-panig na pagtingin at di kolektibong pagtupad sa mga gawain—mga bagay na naging salik sa kanyang pinagdaanang krisis.

Sa kanilang halos isang taon bilang mga pultaym na hukbo, marami nang bagong mga karanasan at bagong mga aral para kina Ka Laya at Ka Rina. Ang mga ito ang pundasyon ng kanilang patuloy na pagpupunyagi bilang mga bagong henerasyon ng mga Pulang mandirigma.

Sa kanilang sariling karanasan din nagmumula ang hamon ng dalawa para sa kanilang mga kapwa kabataan na, ani nga ni Ka Rina, "tumungo kung nasaan ang malawak na masang kailangang pagkaisahin, tumungo sa kanayunan at magpunyagi sa puspusang pakikibaka sa hanay ng masang-api."

Pagtatapos ni Ka Laya, "Isang buong maaliwalas na kinabukasan ang pinagkait at ninakaw sa atin ng naghaharing uri. Kailangan natin agawin pabalik ang kinabukasang dapat sa atin sa pagsusulong ng rebolusyon."

## LATHALAIN

### Pagsulong at pagwawasto sa gitna ng unos

Sa buong bansa, nagbabadya ang matinding unos. Sa kalunsuran at kabayanan, bumabangon ang mamamayan at ipinapanawagan ang pagwawakas sa korapsyon, burukrata kapitalismo hanggang sa pagpapabagsak sa rehimen ni Ferdinand Marcos Jr. at buong nabubulok na sistema. Ang hanay naman ng mga naghaharing uri ay mabilis na nabibitak-bitak dahil sa kasakiman para sa yaman at kapangyarihan na nanunuot sa bawat isa sa kanila. Habang namumuo na parang bagyo ang sitwasyong pampulitika, patuloy naman ang araw-araw na pagdarahop ng masa na nagtutulak sa kanila na lumaban.

Sa Mindoro, umiigting din ang matinding krisis panlipunan. Higit pang pinaigting ang pagpapatupad ng di deklaradong batas militar sa isla na labis na nagpapahirap sa mga Mindoreño. Bahagi na ito ng kontra-rebolusyonaryong digma ng reaksyunaryong gubyerno na nag-deklara sa Mindoro bilang *"eye of the storm"* o mata ng marumi at malupit nitong digmang panunupil.

Sa pagtindi ng pang-aapi sa mga Mindoreño na lubog na lubog na sa kumunoy ng krisis at kahirapan, lalong napapatunayan na ang Partido at ang rebolusyong pinamumunuan nito ang tanging pag-asa ng masa upang makamit ang kinabukasang ganap na malaya sa kahirapan at kaapihan. Kaya naman kinakailangan ngayon higit kailanman na mapangibabawan ng mga rebolusyonaryong pwersa ang lahat ng balakid at salik—panloob man o panlabas—na pumipigil sa rebolusyon na mabigkis at mapakawalan ang dambuhalang lakas ng masa.

Noong Disyembre 26, 2023, kasabay ng pagdiriwang ng ika-55 na anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas, ipinanawagan nito ang isang kilusang pagwawasto upang matalas na tukuyin at mapagpasyang lutasin ang mga panloob na kahinaan Partido, Hukbo at buong rebolusyonaryong kilusan na naging dahilan para humina at umatras ang rebolusyon sa nakaraang mga taon.

Malugod na tinanggap ng mga komite ng Partido sa isla ng Mindoro ang panawagang ito. Agad na tumalima ang mga kadre at kasapi ng Partido sa panawagan. Malinaw rin sa lahat na ilulunsad ang pag-wawastong ito sa gitna ng hagupit ng terorismo ng 203rd Infantry Brigade at PNP MIMAROPA

Binuo at pinatupad ng mga komite ng Partido ang mga kampanya sa pag-aaral para sa kasapian, sa Hukbo at sa masa. Nagpuna at pinuna ng Partido ang mga kahinaan. Higit sa lahat, pinasigla ang pag-ugnay at pag-ugat muli sa masang anakpawis.

Tangan ang mga aral mula sa nilagom na karanasan, nagtungo ang mga rebolusyonaryong pwersa kung nasaan ang masa sa loob at labas ng mga larangang gerilya. Puhunan ang naipunla ng rebolusyon sa isla simula pa ng dekada '70.

Isa ang yunit ng Acacia sa nagpunyagi sa panawagan ng Partido na umalpas sa mga kinasanayang erya, masa at pamamaraan ng paggawa upang bawiin at muling palawakin ang rebolusyonaryong baseng masa.

Mga panimulang pag-alam sa eryang babawiin at muling pagpapalawakan lang ang hawak ng yunit ng Acacia. Ganunpaman, di nagpahadlang ang mga kasama sa limitadong kaalaman upang abutin ang masa at magmulat, mag-organisa at magpakilos sa kanila. Malayo ang kinailangang lakbayin ng Acacia para muling makadaupang palad ang mga masa. Mulat ang mga kasama sa Acacia sa pangangailangang maging mapangahas at matalino upang maiabante ang gawaing rekoberi. Pagiging mapangahas na may tayadong risgo—ito ang pinagkaisahan ng Acacia.

**Sabik na hinihintay ng masa ang rebolusyon**

Sa paglalakbay ng yunit ng Acacia, isa si Tatay Dayo sa kanilang makikilala. Bakas sa mukha ni Tatay Dayo ang pag-aalangan sa umpisa. Aniya, "Mga bagong mukha ito," ang naisip niya nang unang makita ang mga kasama papalapit sa kanyang dampa.

Ngunit nang makatalakayan ang mga bisita hinggil sa kalagayan ng bansa, laluna ang pahirap nang pahirap na buhay ng mga magsasaka, napagtanto ni Tatay Dayo na kahit ngayon lang nakita ang mga bisita matagal na niyang kasama ang mga ito sa pakikibaka sa buhay. Dahil dito, bagamat bagong kita, naging mainit ang pagtanggap ni Tatay Dayo sa mga kasama sa Acacia.



"Tatay, kami po ay nagpupuna at matagal kaming di nakabalik sa inyong baryo," paumanhin ng isang kasama kay Tatay Dayo.

"Medyo matagal na nga," anang matanda "Pero ngayon na muli tayong nagkita, bakit di natin isaayos muli."

Kabilang si Tatay Dayo sa siyam na magsasakang walang sariling lupa sa kanilang baryo. "Matagal na kaming nagtatanim dito pero ngayon ay nanganganib ang aming kabuhayan dahil may mga dumating dito na nagsasabing kanila ang lupang ito," kwento ni Tatay Dayo bago ang mabigat na buntong hininga. "Dito na ako nagkaasawa at nagkaanak. May apo na nga, eh—pinapaalis pa."

"Nung nakaraang mga buwan, di kami pinayagang magpunta nang maaga sa aming mga bukid at hinaharangan kami ng mga sundalo. Dagdag pa 'yan sa problema namin," reklamo ni Tatay Dayo. "Sa dami ng kailangan gawin sa bukid, kulang ang maghapon para magawa tapos tatakdaan pa ng oras ng pagpunta at pag-alis!"

Lumalim ang talakayan ng mga kasama at ni Tatay Dayo. Binaybay at naibahagi kay Tatay Dayo sa talakayan ang mga naging kahinaan at kamalian sa nakaraan na tinukoy sa paglalagom ng mga gawain. Napagtanto din ni Tatay Dayo ang naging bahagi ng mga lokal na pwersa sa mga kahinaan. Sa pagpapatuloy ng mga talakayan, pangita kay Tatay Dayo ang muling pag-alab ng diwang palaban.

"Ang agawin ang lupa sa katulad kong magsasaka ay para na ring pagpatay. Kaya, kung ganon, ano nga ba ang gagawin kundi lumaban," pahayag ni Tatay Dayo.

Nalungkot si Tatay Dayo nang paalis na ang mga kasama sa Acacia. Nagpasalamat siya para sa mga kwentuhan at talakayan. Ngunit, higit na mahalaga ang kanyang sinabi sa pamamaalam sa mga kasama. Aniya, dapat ngang kumilos ang masa upang panagutin ang lahat ng nasa likod ng pagsasamantala at pang-aapi sa kanila.

Sa bukirin nasumpungan ng mga kasama si Nanay Belinda. Inaani niya ang natirang pananim matapos itong salantain ng humagupit na mga bagyo. Nabawasan din ang kanilang sakahan dahil sa pagkatabag ng lupa.

"Magandang umaga," bati ng isang kasama kay Nanay Belinda.

"Ay, magandang umaga rin!" ang nakangiting tugon ni Nanay Belinda sa kasama. "Anong sadya?"

Nagpakilala ang kasama at nakipagkamay. Nang malaman ni Nanay Belinda na mga kasama ang kanyang kaharap, agad niyang niyaya ang mga ito sa kanyang dampa.

Habang naglalakad papunta sa dampa, binahagi ni Nanay Belinda ang kalagayan ng mga magsasaka sa kanilang baryo.

"Kita mo yang bukid na iyon," sabi ni Nanay Belinda sabay turo sa malawak na taniman sa di kalayuan. "Baon sa utang yung kumpare ko dahil sa mga peste at sa bagyo. Halos walang napakinabangan sa kanyang pinaghirapan. Kailangan pa niyang magbayad ng upa sa lupa."

Nireklamo rin ni Nanay Belinda ang mga peste sa ani niya. "Itong aking kakaunting taniman na ito, halos wala akong inani. Bukod kasi sa pesteng insekto, peste din yang kwari na 'yan! Natibag na naman ang aming mga lupa, kinain ng ilog. Wala na namang maihahain na kanin sa aming mga mesa dahil dito," galit at dismayado ang tono ni Nanay Belinda habang nagkukwento.

Matapos na kumain nang salo-salo, tinalakay ng mga kasama ang pinakahuling isyu ng Ang Bayan. Dito mas naunawaan ni Nanay Belinda ang tunay na peste sa kanyang kabuhayan.

"Aba nga naman! Habang kami ay di malaman kung saan kukunin ang pagkain, sila naman busog di lang ang mga tiyan pati bulsa." Hindi maitago ang galit ni Nanay Belinda sa nasiwalat na isyu ng korapsyon at anomalya sa ilalim ni Ferdinand Marcos Jr. "Akalain mong P100 bilyon ang kikbak! Wala talagang pagkakaiba ang anak sa ama. Kopyang-kopya."

Dagdag pa niya, "Kaya naman pala kaliwa't kanan ang mga paggawa ng gabyon dito samin tapos puro palpak naman at panay pa rin ang baha. Dapat talagang mapaalis ang mga pumepeste sa kabuhayan ng mga magsasaka."

Pinag-usapan din ang kalagayan ng kilusan at ang mga tungkulin sa kasalukuyang sitwasyon. "Tunay ngang nakakapanghinayang mga kasama ang panahon na lumipas pero babawi tayo. Ayusin natin ang ating pagkilos para maipadanas sa mga korap na 'yan ang ating lakas!" Pahayag ni Nanay Belinda nang nakataas pa ang kanyang karit.

Di lamang sila Tatay Dayo at Nanay Belinda ang nakilala ng mga kasama sa Acacia. Maraming kwento ng pang-aagaw ng lupa ng mga magsasaka sa anyo ng ekoturismo, mina at ibang mga katulad nito sa tabing ng kaunlaran. Paunti-unting napalamnan ang panimulang kaalaman sa erya na pinagsimulan ng Acacia. Nagkakaroon na ng larawan para sa mga kasama ang kanilang eryang kinikilusan.

Matagal na ring hinihintay ni Tatay Rogelio ang mga kasama. "Salamat, mga kasama, at nagkita tayo. Matagal na kaming naghahanap sa mga tulad ninyong talagang nagtuturo sa amin kung paano namin maipaglalaban ang aming lupang sinasaka at panirikan," saad ni Tatay Rogelio matapos ang talaka-

yan kaugnay sa karapatan sa lupa at panirikan.

"Aming ipinagpupuna nang mahigpit ang ilang panahong nawala sa lugar," sabi ni Ka DF, kadre ng Partido sa Acacia. "Ngayon sa gabay ng kilusang pagwawasto, titiyakin natin ang masigla nating ugnayan at na magagabayan kayo ng Partido sa inyong mga gawain."

**"Tiyak atin ang masa."**
Ito ang pahayag ng isang kasama sa pulong ng komite ng Partido sa Acacia. Dagdag pa niya, "Hanggat nananatiling malakolonyal at malapyudal ang lipunan, sigurado ang pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyon ng masa!"

Higit isang taon na mula nang tinahak ng Acacia ang masalimuot na mga daan pabalik sa masang pinaglilingkuran. Makailang beses nang kinaharap ng Acacia ang mga hadlang gaya ng kalamidad, matitinding operasyong militar at ilang labanan. Gayunpaman hindi nagpapigil ang Acacia rito.

Patuloy na naglalakbay ang Acacia upang abutin ang masa, pawiin ang takot na ipinunla ng kaaway, patatagin ang kanilang paninindigan at bawiin at palawakin ang baseng masang muog ng rebolusyon sa Mindoro. Mahigpit ang paninindigan ng mga kasama sa Acacia na walang bagay na makakapantay o makakahadlang sa lakas ng masa sa oras na sila'y nagkaisa at nagpasya nang lumaban. Kaya seryoso, matiyaga, mapangahas at matalino nilang ipinatutupad ang mga gawain.

Sa gabay ng kilusang pagwawasto, bumubwelo at umaagos muli ang rebolusyon sa iba't ibang bahagi sa isla ng Mindoro. Sa pagpupunyagi ng mga rebolusyonaryong pwersa, tiyak na mabubuo ang pagkakaisa at lakas nila Tatay Dayo, Nanay Belinda, Tatay Rogelio at libo-libo pang masang api sa iisang daluyong ng paglaban. At gaya ng bahang hatid ng mga bagyo, raragasa ito sa isla, tatangayin ang mga tagapagtaguyod at labi ng nabubulok na sistema upang bigyang daan ang pagtatayo ng lipunang tunay na malaya, makatarungan at demokratiko. Hahawanin ng bahang ito ang landas tungo sa sosyalismo—ang maaliwalas na bukas na sisilay matapos ang unos.

## KOLUM




# *Magsasakang Mindoreño: Ang di malilimas na balon ng rebolusyon*

**Lupa at karapatan. Ito ang nakamit ng mga magsasakang Mindoreño sa paglahok at pagsalig sa demokratikong rebolusyon ng bayan.**

Ang mga tagumpay ng rebolusyong agraryong (RA) isinulong ng mga magsasaka at katutubong Mangyan ay nakaukit na sa kasaysayan ng isla at hindi kailanman mabubura ng anumang mapanupil na gera ng reaksyunaryong estado. Hindi rin nito mawawasak ang paninindigan ng mga mamamayan na isulong ang digmang bayan dahil batid ng masang api na sa pagsusulong lamang ng digmang bayan nila matatamasa ang kanilang mga demokratikong interes at karapatan.

Mula pa sa pananakop ng mga dayuhang Espanyol at imperyalistang US hanggang sa pamumuno ng bulok at papet na gubyerno, hindi natamasa ng mga magsasakang Midoreño—Mangyan man o mga di katutubong setler—ang karapatan sa lupang kanilang binubungkal. Sa halip, ang mga magsasakang Mindoreño at mga Mangyan ay inagawan ng lupa at iginapos sa daantaong pyudal at malapyudal na pagsasamantala.

Unang napalayas ang mga Mangyan mula sa panabihang-dagat tungo sa mga liblib na interyor ng isla noon pang pananakop ng mga Espanyol. Mula noo'y patuloy na lang silang naitaboy papunta sa kabundukan sa pagtagal ng pyudalismo. Hanggang sa interyor ay inagawan ang mga Mangyan ng karapatan sa lupa at pininsala ang kanilang kabuhayan nang maitayo ang malalawak na pastuhan sa isla. Ang mga setler naman na napunta sa Mindoro dahil din sa pangangamkam ng kanilang lupa sa pinanggalingang mga prubinsya ay patuloy na dumanas ng pagpapalayas, mataas na upa sa lupa, mataas na usura, mababang presyo ng kalakal at mababang sahod sa pagtatrabaho sa mga taniman at sakahan sa isla.

Ngunit nang maabot ng rebolusyunaryong kilusan ang isla ng Mindoro sing-aga ng 1973, hanggang sa makapagpunyagi ito mula maagang bahagi ng dekada 1980, magkakaroon ng malaking pagbabago sa buhay ng mga magsasakang Mindoreño. Maluwag na tinanggap ng mga Mangyan at magsasakang Mindoreño ang rebolusyonaryong kilusan dahil laman ng demokratikong rebolusyong bayan (DRB) ang solusyon sa kawalan nila ng lupa at sa pyudal at malapyudal na pagsasamantala. Bunga ng kanilang pagkamulat, organisado silang kumilos at lumahok sa pagsusulong ng DRB. Sa paglulunsad ng mga magsasaka at katutubo ng RA, binuo ng mga masa ang kanilang mga samahan at organisasyon upang patatagin ang kanilang pagkakaisa at sama-samang

paglaban. Sa gabay ng Partido Komunista ng Pilipinas at sa tuwang ng NPA, naging matagumpay ang paglansag sa libong ektaryang pastuhan noong dekada 1980 hanggang 1990. Ang lupaing ito ay libreng ipinamahagi sa mga magsasaka at katutubo. Nagtagumpay rin ang mga kampanyang petisyon-okupasyon sa ekta-ektaryang lupang sakahan at tiwangwang na lupa ng mga panginoong maylupa hanggang sa kapatagan ng parehong Occidental at Oriental Mindoro. Sa pagsusulong ng RA, napasakamay ng uring magsasaka, ang mga totoong nagpapayaman sa lupain ng Mindoro, ang karapatan sa lupang kanilang binubungkal sa unang pagkakataon mula noong pananakop ng Espanyol sa isla at pagtatatag ng pyudalismo rito. Sa balangkas din ng RA, itinayo rin ng mga magsasaka ang kanilang mga kooperatiba at mga grupo ng suyuan. Sama-sama nilang itinaas ang antas ng produksyon, nilinang ang lupa at pinakinabangan ang mga pag-unlad sa kanilang mga kabuhayan. Hanggang ngayon, saan man nanatili ang baseng magsasaka ng rebolusyon, inaani pa rin ng masang anakpawis ang mga naabot na tagumpay ng RA.

Ang tagumpay na ito ng rebolusyunaryong kilusan at ng mga magsasakang Mindoreño ang pinapangarap na wasakin ng mga naghaharing uri at ngayon ay isinasakatuparan ng rehimen ni Ferdinand Marcos Jr. sa pamamagitan ng todo-gera nito laban sa mamamayan. Tulad ng mga nagdaang rehimen, sa utos ng amo nitong imperyalistang US, binuo at pinapatupad ni Marcos Jr. ang plano sa kontra-insurhensya na National Action Plan for Unity, Peace and Development (NAP-UPD) para puksain diumano ang rebolusyonaryong kilusan pagsapit ng 2028. Sa esensya'y pagpapatuloy at pagpapatindi ito ng pangingibabaw ng militar sa buong papet na estado at lipunang sibil para mas madali nitong maisagawa ang teroristang kampanya laban sa mamamayan. Layunin nitong limasin ang balon ng suporta sa armadong pakikibakang isinasagawa ng NPA sa kanayunan sa pamumuno ng Partido. Sa balangkas ng NAP-UPD, hindi lamang mga armadong pwersa ng NPA ang target ng berdugong estado. Pinapatindi rin nito ang panunupil sa mga sibilyang mamamayan upang wasakin ang anumang lehitimong pakikibaka para sa kanilang kagalingan at karapatan. Nariyan ang pagpapakalat ng dismpormasyon, saywar, red-tagging, "pagpapasuko" sa mga pinaghihinalaang "*supporter*" ng NPA at rebolusyonaryong kilusan sa tabing ng huwad na kapayapaan, ang walang humpay na militarisasyon sa kanayunan at ang panunupil sa ligal at lehitimong pakikibaka ng masang api. Pinakamatindi ang terorismo nito sa malawak na kanayunan sa buong bansa.

Sa isla ng Mindoro, nagaganap ang di deklaradong batas militar. Nagsimula ito sing-aga pa noong panahon ng rehimeng US-Duterte na binigyan ng ligal na batayan ang batas militar sa pamamagitan ng Executive Order 70. Pinangungunahan ng 203rd Infantry Brigade ng AFP at PNP MIMAROPA ang pagpapatupad ng batas militar sa isla. Ang mga ito ang pangunahing nagdidirehe sa sampu at kalahating batalyon ng AFP-PNP-CAFGU na nakapakat sa Mindoro. Mula nang maupo si Marcos Jr., ilampung komunidad na sa isla ang pininsala ng pambobomba at istraping, mga malawakan at sustenidong operasyong militar, pagkakampo sa mga sibilyang komunidad sa tabing ng "*community support*." Karugsong ng mga ito ang patong-patong na kaso ng paglabag sa karapatang tao gaya ng pagpaslang sa mga sibilyan at *hors de combat*, pagdukot, iligal na interogasyon at detensyon, pambabanta at "pagpapasuko" sa mga hinihinalang "*supporter*" ng NPA, sapilitang pagpapalayas, blokeyo at marami pang iba. Sa taong 2025, naitala sa Mindoro ang 16, 379 biktima ng paglabag sa karapatang pantao na dulot ng batas militar sa isla.

Sa kabila ng teroristang atake ito sa mga magsasakang Mindoreño, hindi natitinag ang kanilang rebolusyunaryong paninindigan. Mainit pa rin ang kanilang pagtanggap sa rebolusyon, laluna sa kanilang tunay na hukbo at mga Pulang mandirigma nito. Alam nila na sa harap ng dumadausdos na buhay at kabuhayan ng mga magsasaka, nagbabadyang pang-aagaw sa lupain ng Mindoro para sa mga proyekto ng gubyerno at negosyo ng mga lokal at dayuhang kapitalista, lumiliit na tunay na halaga ng sahod ng mga manggagawang bukid at lalong pagkawasak ng agrikultura ng bansa, walang ibang masasandigan kundi ang DRB na sa esensya ay isang rebolusyon para sa lupa, kalayaan at demokrasya.

Araw-araw, sa maliit at malaking paraan, buong tapang na binibigo ng mga magsasakang Mindoreño ang paghaharing militar sa isla na naglalayong pigilan ang pag-suporta at paglahok nila sa armadong rebolusyon. Walang pagod naman ang mga Pulang mandirigma sa pag-abot, pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa mga magsasakang Mindoreño. Itinataas ang kamulatan at kapasyahang lumaban ng mga magsasaka sa pamamagitan ng pagpapaliwanag ng kasalukuyang sitwasyon ng bansa, ang tumitinding kahirapan ng mga magsasaka at ang kalagayan ng digmang bayan sa kasalukuyan. Bukod sa pagbibigay ng pag-aaral hinggil sa lipunan at rebolusyong Pilipino, hinahanda rin sila sa pagharap sa pasistang atake ng kaaway.

Hawak ang mas mataas na teorya at praktika sa digmang bayan mula sa higit 50 taong pagsusulong nito, nagpapatuloy ang pag-suporta at pagkilos ng magsasakang Mindoreño para sa rebolusyon. Patuloy silang sumusuporta at sumasapi sa Bagong Hukbong Bayan. At patuloy silang nananalig sa pamumuno ng Partido upang isulong ang DRB na, noon at ngayon, siyang tanging magwawakas sa pagdurusang dinaranas nila mula sa imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo.

**Araw-araw, sa maliit at malaking paraan, buong tapang na binibigo ng mga magsasakang Mindoreño ang paghaharing militar sa isla na naglalayong pigilan ang pag-suporta at paglahok nila sa armadong rebolusyon.**

BANTAY KARAPATAN

## Nagpapatuloy na lagim ng terorismo ng estado sa isla ng Mindoro sa huling kwarto ng 2025

Sa huling kwarto ng taong 2025, walang patlang ang atake ng pasistang rehimeng US-Marcos II sa mamamayang Mindoreño. Pilit na hinahabol ng AFP-PNP-CAFGU sa Mindoro ang pagtupad sa deklarasyon ng 2nd Infantry Division (ID) na ilagay ang mga yunit ng NPA sa Mindoro sa katayuang "wala nang kakayahang lumaban" bago matapos ang 2025. Nagresulta ang umigting at nagsasalimbayang operasyon ng 203rd Infantry Brigade (IBde) at PNP-MIMAROPA sa lalong pagdurusa ng mamamayang Mindoreño at pagsahol ng sitwasyon ng karapatang pantao sa isla. Bago matapos ang 2025, naitala ang **16, 379 na biktima at 121 na kaso** ng paglabag sa karapatang pantao sa isla.

**TORTYUR |** Walang awang tinortyur ng tropa ng 76th IB si Doris Solangon, nasa 47 taong gulang, sa So. Langka, Brgy. Balaw. Dinukot si Solangon mula sa kanilang niyugan kung saan siya nasumpungan ng mga sundalo. Siyam na oras siyang ipinailalim sa pisikal at mental na tortyur. Ginapos ng mga sundalo ang kamay ng biktima, binusalan ang bibig at dalawang oras na itinali sa puno. Matapos nito, pinaghukay siya ng kanyang libingan habang tinututukan ng baril tinatakot na babarilin kung siya'y tatakbo. Pinagbantaan din si Solangon na puputulin ang kanyang tenga para ulamin. Pinalaya si Solangon nang dis oras ng gabi. Hanggang ngayo'y binabantayan siya ng mga intel at pilit na pinapasuko.

Noong October 18, binugbog ng dalawang nakasibilyang sundalo si Mark Anthony, isang menor de edad na katutubong Mangyan sa Mansalay Oriental Mindoro. Sapilitan siyang pinasok sa kanilang bahay bandang alas-4 ng umaga at doon pinagsusuntok ng dalawa habang nakabantay sa labas ng bahay ang dalawa pang sundalo.

**PAMBABANTA, HARASMENT AT PANANAKOT |** Tiniktikan, ginulo, at hinaras ng mga sundalo at ahenteng paniktik ng 203rd IBde ang isinagawang International Solidarity Mission (ISM) sa Abra de Ilog, Occidental Mindoro noong Oktubre. Layunin sana ng ISM na alamin ang kalagayan ng mga mamamayan sa Mindoro laluna ng mga katutubong Mangyan at suriin ang epekto ng pababago ng klima *(climate change)* at ng pasismo sa buhay at kabuhayan ng mamamayang Mindoreño ngunit hindi na ito nakapagpatuloy dahil sa tuloy-tuloy na harasment ng AFP-PNP.

Takot at ligalig naman ang idinulot ng ispesyal na operasyon ng 76th Infantry Battalion (IB) at Regional Mobile Force Battalion (RMFB) ng PNP sa Brgy. Balaw, Abra de Ilog noong huling linggo ng Oktubre. Limang sundalo ang nagpanggap na NPA at pinilit ang mga taumbaryo na ituro ang kanilang mga "kasamahan." Dahil sa matinding takot, hindi na umahon pa sa bukid at naasikaso ng mga tao ang kanilang mga alagang hayop at ibang hanapbuhay.

Noong Nobyembre naman, pinaratangan ng dating CAFGU at kasalukuyang aktibong intel na si Christian Enriquez ang buong pamayanan ng So. Balite at Duhatan sa Brgy. Lumangbayan, Abra de Ilog na mga tagasuporta ng NPA. Sa parehong buwan din, isang residente ng Lumangbayan ang paulit-ulit na tiniktikan at tinakot ng dalawang pulis. Pinipilit siyang umamin na nakikipag-ugnayan sa mga NPA at pinag-uulat ng mga kapulisan hinggil sa diumano'y pagkilos ng NPA sa kanilang lugar.

**PAMIMILIT |** Nitong Nobyembre naiulat ang kaso ng pamimilit ng mga sundalo sa isang kabataan sa So. Magnot sa Brgy. Balaw na mag-trabaho para sa kanila. Sapilitan namang pinaggiya ng mga tropa ng 76th IB ang isang lalaking inabutan nilang nagkakaingin noong Nobyembre 26 sa So. Balite, Brgy. Lumangbayan. Nang magsimula ang engkwentrong labanan sa pagitan ng mga sundalo at isang yunit ng NPA, saka lang siya pinatakbo at pinaalis.

Noong Agosto naman sa Brgy. Naibuan sa bayan ng San Jose, Occidental Mindoro, anim na Mangyan-Buhid ang sapilitang pinagbuhat ng bangkay ni Juan Sumilhig, isang magsasakang pinaslang ng mga sundalo sa gawa-gawang engkwentro. Nagdulot ng matinding takot at trauma sa mga biktima ang naturang insidente. Ayon sa ulat ng ilang mga masa, halos mabaliw ang isa sa mga biktima dahil sa insidente.

**PAMBOBOMBA AT ISTRAPING |** Walang habas na binomba mula sa ere at inistraping ng 76th IB at 203rd IBde ang mga barangay ng Lumangbayan, Wawa, Udalo at karatig matapos ang engkwentrong labanan sa pagitan ng 76th IB at NPA sa Lumangbayan. Ganting reaksyon ng militar sa tinamong dalawang kaswalti sa labanan. Halos dalawang oras na nagpaputok ang mga sundalo matapos ang labanan nang walang pagsasaalang-alang sa epekto nito sa mga residente. Pagkatapos ay hinuli rin ng mga sundalo ang isang magsasaka mula sa Balite at pinaratangang kasama sa nakalaban na yunit ng NPA.

Mahigit 100 pamilya ang sapilitang pinalikas ng mga tropa ng 76th IB para sa kanilang *"clearing operations"* matapos ang labanan. Mula Nobyembre 26-30, pinalikas ang mga residente ng So. Balite at Duhatan ng Brgy. Lumangbayan sa *basketball court* ng karatig sityo upang doon pansamantalang magbakwit. Ayon sa isang ulat, sa loob ng apat na araw, dalawang beses lamang silang pinakain ng mga militar. Hinamlet naman ang So. Alatin at Atipan saklaw pa rin ng Lumangbayan. Pinagbawalan sila na pumunta sa kanilang mga bukid at mag-asikaso ng mga alagang hayop.

**ILIGAL NA PAG-ARESTO AT DETENSYON |** Iligal na inaresto at ibininbin ng 4th IB si Bado Aytag, isang Mangyan-Hanunuo, noong Setyembre 11 sa So. Kulitob, Brgy. Panaytayan, Mansalay, Oriental Mindoro. Ang biktima ay kamag-anak ni Hulyo Aytag na pinatay ng mga sundalo noong Marso.

**PAGDUKOT AT SAPILITANG PAGWALA |** Tatlong kabataang Mangyan-Hanunuo naman ang iligal na inaresto ng pinagsamang tropa ng 1st Civil-Military Operations (CMO) Company, 2nd CMO Battalion at 203rd IBde habang pauwi galing sa tiyanggean sa Brgy. San Vicente, Roxas noong Setyembre 12. Hanggang ngayo'y di inililitaw ng mga sundalo ang magkakapatid na sina Isan, Iwit, at Ninyo Umyagan. Noong Oktubre ay nanawagan ang 1st CMO Company at 2nd CMO Battalion na tulungan silang hanapin ang paghuhugas-kamay.

**GAWA-GAWANG KASO |** Sinampahan naman ng gawa-gawang kasong *illegal possession of firearms* si Ramon Alcantara, dating tumakbong *mayor* ng Abra de Ilog, noong Disyembre 21. Kilala din siya bilang tagapagtaguyod ng mga karapatan ng mga katutubong Mangyan at tagapagtanggol laban sa mga mapanira sa kalikasang proyekto kagaya ng pagmimina.

## KOMIKS




Ang ALAB ang rebolusyonaryong pahayagan sa Isla ng Mindoro. Pinapatnugutan ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (Marxismo-Leninismo-Maoismo) sa Mindoro.

Para sa anumang katanungan, komento, kontribusyon o mungkahi, maaaring ugnayan ang patnugutan ng ALAB sa:

alabngdigmamindoro@gmail.com

@alabngdigmamindoro

*Maaaring idownload ang kopya ng ALAB at iba pang rebolusyonaryong pahayagan sa www.cpp.ph*